Huwag Mawalan ng Medi-Cal Coverage!

Panatilihing covered ang inyong sarili at ang inyong pamilya sa pamamagitan ng pagsagot at pagsusumite ng inyong Medi-Cal renewal packet.

Upang mapanatili ang Medi-Cal coverage, kinakailangang kumpletuhin ng mga miyembro ng Medi-Cal ang kanilang renewal ng Medi-Cal nang hindi bababa sa isang beses bawat taon.

Kung hindi ninyo sasagutan at isusumite ang inyong renewal packet, baka mawala sa inyo ang inyong pagkakasakop sa Medi-Cal simula sa pagtatapos ng inyong buwan ng renewal. Kung wala kayong natanggap na Medi-Cal renewal packet o abiso na na-renew na ang inyong Medi-Cal, makipag-ugnayan o bisitahin kami gamit ang alinmang paraang nakalista sa likod.

Alameda County
Social Services Agency
A safety net. A way forward.

Ipagpatuloy ang pagbasa
para malaman ang higit pa ▶

Ano ang dapat kong gawin?

Bilang miyembrong Medi-Cal, kailangan ninyong ireport ang alinmang pagbabago sa inyong contact information (halimbawa and address ng bahay at para sa mail, numero ng telepono, at email) sa Social Services Agency. Panigurado itong matatanggap ninyo ang mga form at abiso na ipinapadala sa inyo kaugnay ng inyong pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal.

Ipapadala sa inyo ang inyong renewal packet at kailangan ninyong isumite ito bago matapos ang buwan ng inyong renewal. Dapat na maireport sa inyong renewal ang alinmang pagbabago sa sitwasyon ng inyong sambahayan kagaya ng kita, pagbubuntis, o bagong miyembro ng sambahayan.

Paano ko maisusumite ang aking Medi-Cal renewal?

Kapag nasagutan na ninyo ang mga form sa inyong renewal packet, may ilang paraan ng pagsusumite nito.

Online

BenefitsCal
benefitscal.com

Fax

510-670-5095

Sa Sulat

Puwedeng ipadala sa sulat sa alinmang opisina ng Social Services Agency na nakalista sa kanan

Harap-harapan

Pumunta sa alinman sa aming mga opisina na nakalista sa kanan

Mga Lokasyon ng Opisina

Eastmont Self-Sufficiency Center
6955 Foothill Blvd.
Oakland, CA 94605

Enterprise Self-Sufficiency Center
8477 Enterprise Way
Oakland, CA 94621

Gail Steele Multi-Service Center
24100 Amador St.
Hayward, CA 94544

North Oakland Self-Sufficiency Center
2000 San Pablo Ave.
Oakland, CA 94612

Livermore Self-Sufficiency Center
2499 Constitution Dr.
Livermore, CA 94551

Fremont Office
39155 Liberty St., Ste. C330
Fremont, CA 94536

Paano ako makakahingi ng tulong sa pagsagot at pagsusumite ng aking Medi-Cal Renewal?

Makakahingi kayo ng tulong sa pagsagot sa inyong renewal sa kawani ng Social Services Agency sa aming mga opisina. Bukod pa rito, ang mga organisasyong nakabase sa komunidad na nakalista sa **HealthyAC.org** ay mahihingian ng tulong sa pagsagot at pagsusumite ninyo ng inyong Medi-Cal renewal.